

# Pagsasanay sa Filipino

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka \_\_\_\_\_

## Pagkilala sa Simuno at Panaguri

Isulat sa patlang ang salitang **simuno** kung ang may salungguhit ay tumutukoy sa simuno o paksa ng pangungusap. Isulat ang salitang **panaguri** kung ito ay tumutukoy sa panaguri ng pangungusap.

- \_\_\_\_\_ 1. Si Ginoong Malvar ang nahalal bilang pangulo ng samahan.
- \_\_\_\_\_ 2. Masayang nakilahok sa paligsahan sina Gloria at Gemma.
- \_\_\_\_\_ 3. Sinusuri nang mabuti ng mga imbestigador ang mga ebidensiyang nakuha sa lugar ng krimen.
- \_\_\_\_\_ 4. Sila ay tumulong sa paglikas ng mga residente mula sa mapanganib na lugar.
- \_\_\_\_\_ 5. Iligpit natin ang mga nakakalat na laruan sa sahig ng sala.
- \_\_\_\_\_ 6. Ang kaibigan mo ay tiyak na matutuwa sa sorpresa na inihanda mo para sa kanya.
- \_\_\_\_\_ 7. Tumayo tayo nang tuwid habang inaawit ang Lupang Hinirang.
- \_\_\_\_\_ 8. Napansin ng guro ang mabubuting asal na ipinamalas ng mga mag-aaral.
- \_\_\_\_\_ 9. Ang mga magulang ng mga mag-aaral ay inanyayahang dumalo sa gaganaping pagtatanghal.
- \_\_\_\_\_ 10. Sina Ariel, Warren, at Joshua ay naghanda ng masarap na meryenda para sa mga panauhin.
- \_\_\_\_\_ 11. Nagbigay ng malaking donasyon para sa bahay ampunan ang samahan ni Ginang Santiago.
- \_\_\_\_\_ 12. Ang mga turista ay hinikayat na sumali sa pagsasayaw sa parada ng pista.